# ANG PANANDA NG SABJEK, PREDIKEYT AT POKUS SA ISINAY

*Ernesto Constantino*

0. Ang papel na ito ay tungkol sa pananda o marker ng sabjek, predikeyt at pokus sa wikang Isinay. Ang mga datang ginamit sa pag-aaral na ito ay mula sa dayalek ng Isinay na sinasalita sa bayan ng Dupaks, Nuweba Biskaya. Layunin ng pag-aaral na ito na ipokus ang iba't-ibang paraan ng pagpapakita o pagpapakilala ng tatlong nasabing gramatikal na tungkulin sa wikang Isinay batay sa paggamit ng mga pananda. Ang mga gagamiting halimbawa sa papel na ito ay ang mga simpleng berbal na sentens na may sabjek at predikeyt.

1. Tingnan natin ang mga sentens (1) at (2) na kapwa mga sitwasyunal na sentens.

(1) **Nanagtág di ásuwár.**
'Tumakbo ang aso.'

(2) **Nangán si mansanas di ásuwár.**
'Kumain ng mansanas ang aso.'

Sa dalawang sentens na ito, makikita na nauuna ang predikeyt sa sabjek. Ang sabjek ng dalawang sentens ay binubuo ng **/di ... -war/** at **/asu/**. Tawagin natin ang **/di ... -war/** na marker o pananda ng sabjek sa dalawang sentens. Makikita na ang predikeyt ng dalawang sentens ay walang pananda.

Tingnan natin ang mga sentens (3) at (4).

(3) **Nanagtág di ásuwár dari.**
'Tumakbo ang mga aso.'

(4) Nangán si mansanas di ásuwár dari.
'Kumain ng mansanas ang mga aso.'

Ang sabjek ng dalawang sentens na ito ay plural at ang bagay na itóy ipinapakita ng paggamit ng **/dari/**.

2. Ngayon, tingnan natin ang mga sentens (5), (6), at (7) na pawang mga depinit o tiyak na sentens.

(5) **Ásuwár si nanagtág.**
'Ang aso ang tumakbo.'

(6) **Ásuwár si nangán si mansanas.**
'Ang aso ang kumain ng mansanas.'

(7) **Ásuwár si nangán si mansánasár.**
'Ang aso ang kumain sa mansanas.'

Ang sabjek ng mga sentens na ito ay **/ásuwár/** at itóy nasa unahan ng sentens. Ang **/ásuwár/** ay binubuo ng **/asu/** at **/-war/**. Tawagin nating pananda ng sabjek na **/asu/** ang **/-war/**.

Ang predikeyt ng mga sentens (5), (6) at (7) ay may panandang **/si/**. Ang paggamit ng **/di ... -war/** sa unahan ng predikeyt ng tatlong sentens na ito ay madalang gawin at marahil hindi ito itinuturing o tinatanggap na normal gaya ng makikita sa mga sentens (8), (9), at (10).

(8) **?Ásuwár di nanagtágar.**
'Ang aso ang tumakbo.'

(9) **?Ásuwár di nangánar si mansanas.**
'Ang aso ang kumain ng mansanas.'

(10) **?Ásuwár di nangánar si mansánasár.**
'Ang aso ang kumain sa mangga.'

Hindi rin maaaring gumamit ng **/di/** sa sabjek ng nasabing tatlong sentens, ang (5), (6), at (7). Ang mga sumusunod na tatlong anyo ay hindi gramatikal sa Isinay.

(11) ***Di ásuwár si nanagtág.**

(12) ***Di ásuwár si nangán si mansanas.**

(13) ***Di ásuwár si nangán si mansánasár.**

Ikumpara natin ang sentens (6) sa sentens (7). Makikita natin na ang objek ng sentens (6), **/mansanas/**, ay indepinit o di-tiyak at ang objek naman ng sentens (7), **/mansánasár/**, ay depinit o tiyak. Ang tiyak na objek ay may sapiks na **/-ar/** at ang di-

tiyak na objek ay wala ng sapiks na ito.

Mapapansin na ang sapiks na **/-ar/** ng tiyak na objek at ang sapiks na **/-war/** ng sabjek ay mga alomorp ng isang morpim. Dahil dito, babaguhin natin ang analisis ng **/-war/** bilang pananda o bahagi ng pananda ng sabjek at ituring itong tunay na pantiyak na sapiks lamang. Kung gayon, ang sabjek ng mga sentens (5), (6), at (7) ay walang pananda at may pantiyak na sapiks lamang.

3. Tingnan natin ang sentens (14), (15) at (16) na mga indepinit o di-tiyak na sentens.

(14) **Asu di nanagtágar.**
'Aso ang tumakbo.'

(15) **Asu di nangánar si mansanas.**
'Aso ang kumain ng mansanas.

(16) **Asu di nangánar si mansánasár.**
'Aso ang kumain sa mansanas.'

Makikita na ang sabjek ng mga sentens na ito ay walang pananda at wal ring pantiyak na sapiks. Ang predikeyt naman ay may panandang **/di/** sa unahan nito at pantiyak na sapiks sa kanyang berb. Hindi maaaring gamitan ng panandang **/si/** sa unahan ng predikeyt ang mga tatlong sentens na ito, kung kayát hindi gramatikal ang mga sumusunod na anyo.

(17) ***Asu si nanagtág.**

(18) ***Asu si nangán si mansanas.**

(19) ***Asu si nangán si mansánasár.**

4. Batay sa nakaraang diskasyon, magagawa natin ang mga sumusunod na obserbasyon.

(a) Isa lang partikel ang ginagamit bilang pananda ng sabjek sa Isinay, ang partikel na **/di/**.

(b) Dalawang partikel ang ginagamit bilang pananda ng predikeyt sa Isinay, ang mga partikel na **/si/** at **/di/**.

(c) Ang partikel na **/si/** na pananda ng objek ay iba sa **/si/** na pananda ng

predikeyt.

(d) May mga sabjek at predikeyt na walang panandang partikel.

(e) Ang panandang partikel na **/di/** ay laging may kasamang pantiyak na sapiks **/-ar/** na idinudugtong sa nawn ng sabjek o sa berb na predikeyt.

(f) Kung ang nawn ng sabjek ay tiyak o may pantiyak na sapiks, hindi gramatikal ang paggamit ng pantiyak na sapiks sa berb ng predikeyt.

(g) Kung ang nawn ng sabjek ay di-tiyak o walang pantiyak na sapiks, kinakailangang may tiyak na sapiks ang berb ng predikeyt.

(h) Sa isang sentens, ang sabjek o ang predikeyt ay kinakailangang may pananda.

(i) Sa isang sentens, hindi maaaring kapwa may pananda ang sabjek at predikeyt.

(j) Sa isang sentens, hindi maaaring kapwa walang pananda ang sabjek at predikeyt.

5. Ngayon, tingnan naman natin ang mga sumusunod na sentens na kabaligtaran ng mga kasunod na sentens.

(20) **War ásuwár ot nanagtág.**
'Ang asóy tumakbo.'

(21) **War ásuwár ot nangán si mansanas.**
'Ang asóy kumain ng mansanas.'

(22) **War nanagtágar ot ásuwár.**
'Ang tumakbóy ang aso.'

(23) **War nangánar si mansanas ot ásuwár.**
'Ang kumain ng mansanas ay ang aso.'

(24) **War nanagtágar ot asu.**
'Ang tumakbóy aso.'

(25) **War nangánar si mansanas ot asu.**
'Ang kumain ng mansanas ay aso.'

Ang **/war/** sa unahan ng mga sentens na ito ay binubuo ng **/wa/** at **/-r/**. Ang **/-r/** ay alomorp ng **/di/** na pananda ng sabjek o predikeyt. Ang **/wa/** naman ay pananda ng pokus. Ang **/ot/** ay pananda ng pagkakabaligtad ng kaayusan ng sabjek at predikeyt.

Sa mga sentens (20)-(25), hindi maaaring alisin ang **/wa/**, o ang **/wa/** at **/di/**, kayat hindi gramatikal ang mga sumususnod na anyo.

(26) ***Di ásuwár ot nanagtág.**

(27) ***Ásuwár ot nanagtág.**

6. Makikita sa mga sentens (20)-(25) na hindi lamang ang sabjek ang maipopokus kundi pati na ang predikeyt. Ang bahagi ng sentens na maaaring ipokus ay lagi ang ikalawang bahagi, maging itóy sabjek o kaya'y predikeyt. Gayunman, hindi maaaring ipokus ang predikeyt na may panandang **/si/** kahit na ito ang ikalawang bahagi ng sentens. Kayat hindi gramatikal ang mga sumusunod na sentens,

(28) ***Wat nanagtág ot ásuwár.**

(29) ***Wat nangán si mansanas ot ásuwár.**

Ang gustong sabihin nito ay iyong lamang ikalawang bahagi ng sentens na may panandang **/di/** at may pantiyak na sapiks ang maaaring ipokus.

7. Bilang kongklusyon, gusto kong tiyakin ang itinuturing kong pinakaimportanteng kontribusyon ng maikling pag-aaral na ito sa analisis ng sintaks ng Isinay at ganoon din ng mga ibang wika ng Pilipinas. Ang kontribusyong ito ay ang pagpapakita ng pagkakaiba ng pokus sa sabjek kahit na ang dalawang itóy madalas na magkasama. Ang sabjek at predikeyt sa Isinay ay may mga sariling pananda at posisyon sa sentens. Sa kabilang dako, ang pokus naman ay may sariling pananda, **/wa/**, at posisyon sa sentens, sa unahan ng **/ot/**. Kayat sa Isinay at malamang ganoon din sa mga ibang wika ng Pilipinas, ang proses ng paglalagay ng isang bahagi ng sentens sa posisyon ng sabjek ay hindi kapareho ng proses ng paglalagay ng isa ring bahagi sa posisyon ng pokus. Hindi kinakailangan na ang bahagi na nakapokus ay siya rin ang sabjek, at ang nasa posisyon ng sabjek ay hindi kinakailangan na nakapokus.